

PATNUBAY SA MISA



4 Marso 2018

Ika-3 Linggo ng Kuwaresma

Taon B

Panatilihin Nating Banal ang Templo ng Diyos

Pinaaalaala sa atin ng Ebanghelyo ngayon na si Hesukristo ang pinakabanal na templo ng Diyos. Ipinaaalaala rin nito ang kabanalan di lamang ng lahat ng dalanginan kundi ng bawat tao rin, lalo na ng mga binyagan. Mga templo tayo ng Diyos sapagkat itinatak Niya sa atin ang Kanyang banal na larawan nang tayo'y Kanyang nilikha, at itinalaga tayo para sa Kanyang paglilingkod nang tayo'y binyagan.

Nilalapastangan natin ang ating sarili kapag nagkakasala tayo. Nilalapastangan din natin ang iba kapag di natin iginagalang ang kanilang karangalan o inaakay natin silang magkasala. Sa gayon, lalong nagagalit si Hesus kaysa nang ipagtabuyan niya ang mga mangangalakal sa Templo ng Jerusalem.

Sa Eukaristiyang ito, pagtibayin nating muli ang pangako nating panatilihing banal ang lahat ng templo ng Diyos sa lahat ng paraan at sa lahat ng oras.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tangi kong inaasahan ang Diyos na kaligtasan. Paa ko'y pinakawalan sa bitag na nakaumang, pagkat ako'y kanyang mahal.

Pagbati

P–Pagpalain ang Diyos na humirang sa ating maging mga banal na templo sa ating bautismo. Ang Kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Mga mahal kong kapatid, pag-ibayuhin natin ang ating kaalamang kapag tayo'y nagkakasala, nilalapastangan natin ang pananatili ng Diyos sa ating sarili at sa ating kapwa. (Manahimik saglit.)

P–Para sa mga pagkakataong di kami umasal nang marapat sa aming simbahan o tumang-

gap ng Eukaristiya nang di karapat-dapat, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong nagkulang kami sa pagpapahalaga sa kabanalan ng aming pagkatao, Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa mga pagkakataong di namin iginalang ang karangalan at mga karapatan ng aming kapwa, Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Panalanging Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, ikaw ay maibigin at butihin sa tanan. Itinuturo mo na ang lunas sa kasalanan ay nasa kusang pagpapakasakit, pagdalangin, at pagmamalasakit. Tunghayan mo ang aming pag-amin sa nagawang

pagsuway upang sa pagpapatirapa ng aming budhi sa iyong harap kami'y lagi mong maibangon dahil sa iyong pag-ibig na tapat, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpapasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Exo 20:1-3,7-8,12-17*

Itinataas ng Sampung Utos ang mga pagpapahalaga at mga tungkuling di lamang para sa mga Judio kundi para sa lahat ng tao sa lahat ng panahon.

L–Pagpapahayag mula sa Aklat ng Exodo

Noong mga araw na iyon, sinabi ng Diyos: “Ako ang Panginoon, ang inyong Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto at humango sa inyo sa pagkaalipin.

Huwag kayong magkakaroon ng ibang diyos, maliban sa akin.

Huwag ninyong babanggitin sa walang kabuluhan ang pangalang

Panginoon sapagkat parurusahan ko ang sinumang bumanggit nito nang walang kabuluhan.

Italaga ninyo sa akin ang Araw ng Pamamahinga.

Igalang ninyo ang inyong ama't ina. Sa gayo'y mabubuhay kayo nang matagal sa lupaing ibinigay ko sa inyo.

Huwag kayong papatay.

Huwag kayong mangangalunya.

Huwag kayong magnanakaw.

Huwag kayong sasaksi sa di katotohanan laban sa inyong kapwa.

Huwag ninyong pag-iimbutan ang sambahayan ng inyong kapwa: ang kanyang asawa, mga alila, mga baka, asno o ang anumang pag-aari niya."

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 19*

B—Panginoon, iyong taglay ang Salitang bumubuhay!

R. M. Velez

The image shows two staves of musical notation in 4/4 time. The first staff has a treble clef and a key signature of one flat (Bb). It starts with a Gm chord and an Eb chord. The melody is: Pa- (quarter), ngi- (quarter), no- (quarter), on, (quarter), i- (quarter), yong (quarter), tag- (quarter), lay (quarter). The second staff continues the melody: ang (quarter), sa- (quarter), li- (quarter), tang (quarter), bumu- (quarter), bu- (quarter), hay! (quarter). It includes chords F7 and Gm.

* Ang batas ng Panginoon ay batas na walang kulang; ito'y utos na ang dulot sa tao ay bagong buhay. Yaong kanyang mga batas ay magpagtiwalaan; nagbibigay ng talino sa pahat ang kaisipan. **B.**

* Ang tuntuning ibinigay ng Poon ay wastong utos; liligaya ang sinuman kapag ito ang sinunod. Ito'y wagas at matuwid 'pagkat mula ito sa Diyos; pang-unawa ng isipan yaong bungang idudulot. **B.**

* Yaong paggalang sa Poon ay marapat at mabuti; isang banal na tungkulin na iiral na parati. Pati mga hatol niya'y matuwid na kahatulan; kapag siya ang humatol, ang pasya ay pantay-pantay. **B.**

* Ito'y higit pa sa ginto, na maraming nagnanais; higit pa sa gintong lantay na ang hangad ay makamit. Matamis pa kaysa pulot, sa pulot na sakdal tamis, kahit anong pulot ito na dalisay at malinis. **B.**

Ikalawang Pagbasa 1 Cor 1:22-25
Ang pangangaral tungkol

sa isang nakapakong Mesiyas ay mistulang walang kabuluhan pagsisikap. Gayunman, nananatili ang katotohanang sa pamamagitan ng Krus ni Kristo kung kaya nailigtas ng Diyos ang sanlibutan. Iyan ang mariing paalaala ni San Pablo ngayon.

L—Pagpapahayag mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

Mga kapatid:

Ang mga Judio'y humihingi ng kababalaghan bilang katunayan. Karunungan naman ang hinahanap ng mga Griego. Ngunit ang ipinangangaral nami'y si Kristong ipinako sa krus – isang katitisan sa mga Judio at kahangalan para sa mga Hentil. Subalit sa mga tinawag ng Diyos, maging Judio at Griego, si Kristo ang kapangyarihan at karunungan ng Diyos.

Sapagkat ang inaakala nilang kahangalan ng Diyos ay karunungan higit kaysa lahat ng karunungan ng tao. At ang inaakala namang kahinaan ng Diyos ay lakas na higit sa lahat ng kalakasan ng tao.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Awit-pambungad sa Mabuting Balita (*Jn 3:16*)

B—(*Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!*)

Pag-ibig sa sanlibutan ng D'yos ay gayon na lamang, kanyang Anak ibinigay, upang mabuhay kailanman ang nananalig na tunay. (*Luwalhati at papuri sa iyo, Panginoong Hesukristo!*)

Mabuting Balita *Jn 2:13-25*

Ang kaluwalhatian at kadalisayan ng Templo ng Diyos ay lubhang mahalaga para kay Hesús. Buong giting niya itong ipinagtanggol kahit na ang pagpapaalis niya sa mga mangangalakal sa Templo ay ikinagalit sa kanya ng mga Judiong nanunungkulan.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B—**Papuri sa iyo, Panginoon!**

Malapit na ang Paskuwa ng mga Judio, kaya't pumunta si Hesús sa Jerusalem.

Nakita niya sa templo ang mga nagbibili ng mga baka, mga tupa, at mga kalapati, at mga namamalit ng

salapi. Gumawa siya ng isang panghagupit na lubid at ipinagtabuyang palabas ang mga mangangalakal, pati mga baka at tupa. Isinabog niya ang salapi ng mga namamalit at pinagtataob ang kanilang mga hapag. Sinabi niya sa mga nagbibili ng kalapati, "Alisin ninyo rito ang mga iyan! Huwag ninyong gawing palengke ang bahay ng aking Ama!"

Naalaala ng kanyang mga alagad na sinasabi sa Kasulatan, "Ang aking malasakit sa iyong bahay ay parang apoy na nag-aalab sa puso ko."

Dahil dito'y tinanong siya ng mga Judio, "Anong tanda ang maibibigay mo upang patunayang may karapatan kang gawin ito?" Tumugon si Hesús, "Gibain ninyo ang templong ito at muli kong itatayo sa loob ng tatlong araw." Sinabi ng mga Judio, "Apatnapu't anim na taon na ginawa ang templong ito, at itatayo mo sa loob lamang ng tatlong araw?"

Ngunit ang templong tinutukoy ni Hesús ay ang kanyang katawan. Kaya't nang siya'y muling mabuhay, naalaala ng kanyang mga alagad na sinabi niya ito; at naniwala sila sa Kasulatan at sa mga sinabi ni Hesús.

Nang pista ng Paskuwa, nasa Jerusalem si Hesús. Marami ang sumampalataya sa kanya nang makita nila ang mga kababalaghang ginawa niya. Subalit hindi nagtiwala sa kanila si Hesús, sapagkat kilala niya silang lahat. Hindi na kailangang may magsalita pa sa kanya tungkol sa kaninuman, sapagkat talastas niya ang kalooban ng lahat ng tao.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—**Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at

huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P –Ngayong tayo’y natitipon sa bahay ng Diyos para sa pagdiriwang ng pinakabanal na pagsamba, idulog natin ang ating mga kahilingan para sa mga pangangailangan at hangarin ng sangkatauhan, at manalangin tayo:

B –Panginoon, pabanalin Mo kami!

* Nawa ang bayan ng Diyos sa buong daigdig ay tuwinang maghain ng sakripisyong Eukaristiya nang may malinis na kalooban. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa itangi at isabuhay ng sangkatauhan ang mga pagpapahalagang iniingat sa Sampung Utos alang-alang sa ganap na pagmamahal sa Diyos at sa kapwa. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa patnubayan ang mga mambabatas ng kaalaman sa Utos ng Diyos sa pagtatakda ng mga batas ng bawat lipunang pambayan. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa lahat ng tao’y iginalang sa kanilang mga pangunahing karapatan at kailanma’y huwag makaranas ng panghihiya’t paghamak. Manalangin tayo! **B.**

* Nawa pahalagahan natin ang kabanalan ng ating sari-sariling pagkatao at ng ating kapwa, at kailanma’y huwag dungisan ito sa pamamagitan ng mga gawaing makasalanan. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahilingan. (*Tumigil saglit.*) Manalangin tayo! **B.**

P–Panginoon ng lahat ng kabanalan, nais Mong manahan sa aming mga puso na animo’y sa pinakadakilang templo. Pag-ibayuhin Mo sa amin ang kamalayan sa Iyong banal na presensiya, iligtas kami sa lahat naming pagkakasala

at muli kaming italaga sa Iyong paglilingkod magpakailanman.

B –Amen!



P–Manalangin kayo . . .

B–Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P–Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang aming paghahain upang ang mga kasalanan naming ihinihingi ng kapatawaran sa iyo ay matutuhan din naming ipatawad sa kapwa tao, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!

Prepasyo ng Kuwaresma I

P–Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Binibigyan mo kami ng bagong pagkakataon upang ganapin ang paghahanda ngayon para sa pagdiriwang ng muling pagkabuhay. Kaisa ng iyong Anak na minamahal, aming inilalaan ang panahon, talino’t yaman para ganapin ang iyong kalooban na ang kapwa tao ay lubos na damayan. Sa pagdiriwang namin sa aming pagsilang bilang mga kaanib ng iyong sambayanan, kami’y iyong pinagkakamit ng katayuang ganap sa pagtatangkilik.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoon ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B –Sa krus mo at pagkabuhay kami’y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal,

iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.



B– Ama namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B–Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B –Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P– Ito ang Panginoong Hesus, ang pinakabanal na templo ng Diyos. Siya ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Mga mayang nagpupugad sa templo mo’y nagagalak. Panginoon, silang lahat sa piling mo bawat oras ay talagang mapapalad.

Panalangin Pagkapakinabang

P–Ama naming mapagmahal, sa pakikinaabang namin sa iyong banal na piging, pinagsalusaluhan namin ang bigay mong pagkain. Ang ginaganap namin ngayon sa pagdiriwang ay lubos nawang mangyari sa gawain namin araw-araw, sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –Amen!



P–Sumainyo ang Panginoon.

B–At sumaiyo rin!

P–Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Binigyan tayo ng Ama ng habag ng halimbawa ng di makasariling pagmamahal sa mga pagpapakasakit ng

Kanyang bugtong na Anak. Sa pamamagitan ng inyong paghilingkod sa Diyos at inyong kapwa, tanggapin nawa ninyo ang marami Niyang pagpapala.

B—Amen!

P—Naniniwala kayong sa kanyang pagkamatay, sinira ni Kristo ang kamatayan magpakailanman. Pagkalooban niya nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

B—Amen!

P—Nagpakababa si Kristo alang-alang sa atin. Tumulad nawa kayo sa kanyang halimbawa at makibahagi sa kanyang muling pagkabuhay.

B—Amen!

P—Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B—Amen!

P—Humayo kayo sa kapayapaan upang mahalín at paglingkuran ang Panginoon sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga Utos.

B—Salamat sa Diyos!




Ang inyong kasa-kasama sa pagdarasal

Ang Alking Munting Dasalan

Mayaman sa mga:

- pang-araw-araw na panalangin,
- Debosyon (Ina ng Laging Saklolo, Mahal na Puso ni Hesus, Daan ng Krus),
- Santo Rosaryo, at
- gabay sa pangungumpisal




Mura na, Magaan pang dalhin!

Basahin ang

"ANG SALITA NG DIYOS" ni Fr. John Larrea, SDB

at namnamin ang kayamanan ng Banal na Kasulatan.

(May kasamang masaklaw na katesismo at tekstong liturhiko para sa bawat Linggo at Kapistahan.)
May bersiyon din nito sa Inggles.



Mabibili sa
Word & Life Center sa Makati,
mga religious bookstore, at National Book Store.

Pagpapanatiling Banal sa Templo ng Diyos

Nang makapangyari ang Komunismong walang dinidiyos sa Silangang Europa noong ika-20 siglo, karamihan sa mga simbahan at ibang bahay dalanginan ay ginawa na lamang mga bodega o tambakan.

Masakit makakita ng gayong kawalan ng galang sa isang gusaling inilaan para maging bahay-dasalan, kung kaya ang mga may malasakit sa kabanalan ay pinag-aalaban ng “banal na galit.” Ito’y makatutulong sa ating pag-unawa sa matinding galit ni Hesus nang makita niya ang paglapastangan ng mga tao sa Templo ng Diyos sa Jerusalem, na nagmistulang “palengke” at “pugad ng mga magnanakaw.”

Gayunman, ang kawalan ng galang sa isang templong materiyal, gaano man kalungkot, ay di pa rin maihahambing sa paglapastangan sa **kabanal-banalang Templo ng Diyos na walang iba kundi si Hesus**. Ang gayong paglapastangan ay nangyari nang hagkan ni Judas ang Gurong kanyang ipinagkanulo, at nang pahirapan at ipahiya si Hesus sa kanyang paglilitis, pag-papakasakit, at kamatayan.

Ang ganitong paglapastangan ay patuloy pa rin hanggang ngayon kapag may mga iresponsableng Kristiyanong tumatanggap ng Komunyong ng di karapat-dapat, o kapag ipinakakain nila ang Banal na Ostiya sa mga manok, o nilalapastangan ito dahil sa matindi nilang pagkamuhí sa anumang banal.

Hindi rin si Hesus lamang ang bukod-tanging templo ng Diyos na dapat igitang at panatilihin banal. **Bawat tao ay templo ng Diyos** sapagkat siya ay nilikhang kawangis ng Diyos. At **tayong mga Kristiyano ay higit pang banal** sapagkat sa Binyag tayo’y naging bahagi ng Banal na Katawan ni Kristo at mga templo ng Espiritu Santo. **Anumang mapaminsalang isip o gawa laban sa karangalan at mga karapatan ng ating kapwa ay paano’t paano’y isang “sakrilehiyo.” Anumang kasalanan natin ay paglapastangan sa kabanalan ng ating pagiging templo ng Diyos.**

Napakahalagang lumago ang ating kamalayan sa kabanalan ng bawat tao. Dapat nating ipaalaala ang ganitong dakilang katotohanan sa ating kapwa, di lamang sa salita, kundi lalo na sa pamamagitan ng ating mga saloobin, pakikitungo, at gawa.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua